

“Beth, marry me...” May tono ng pagmamakaawa sa boses na iyon ni Will. Araw-araw ay iyon ang nais niyang sabihin kay Elizabeth Jane Mortiz.

Simula pa noong unang araw na makita niya ito sa *MRT* station sa *Farmer’s Plaza*, hindi na niya maipaliwanag kung bakit ganoon na lang niya ito kamahal.

Six months pa lang ang relasyon nila at hindi pa nila lubusang kilala ang isa’t isa. Ngunit para kay Will, hindi mahalaga kung gaano katagal ang isang relasyon bago magpakasal. Para sa kanya, sapat na ang kaalaman na mahal niya ang isang tao at ito ang gusto niyang makapiling habambuhay.

Ngunit hindi gusto ng pamilya niya si Beth. Wala ni katiting na pagtingin ang kahit isa sa mga magulang niya para sa dalaga. Kung bakit ayaw ng mga ito sa nobya niya ay hindi niya alam.

Gusto yatang mabingi ni Elizabeth Jane sa salita ni Will. Hindi siya natuwa sa alok nitong pagpapakasal. Imbis ay natakot, namutla at napalunok.

Natulala siya. Ayaw niyang magsalita.

“Uy, Beth! Magpakasal na tayo.”

“H-ha?”

“Hindi ‘yan ang tamang sagot sa tanong ko. ‘Oo,’ ang dapat na sagot. ‘Yon ang gusto kong marinig. Sabihin mo lang, Beth, ayos na ang lahat. Pumayag ka na, ako’ng bahala sa lahat ng gagastusin sa kasal. Marami na akong naipon sa bangko. Kaya ko nang maging isang padre de familia.” Hinintay nito ang sagot na magdudulot rito ng lubos na kaligayahan.

Si Beth naman ay pilit naghanap ng sagot sa tanong sa mga mata ni William Pablo Briones.

*Handa na ba akong magpakasal sa kanya? Kakayanin ko bang sa tuwing umaga ay gumising at mukha niya ang makita? Siya ba talaga ang gusto kong makasama habambuhay? Hanggang kailan kaya niya ako mamahalin?*

Ilan lang iyon sa mga katanungan niya sa sarili.

Wala siyang maapuhap na maisagot, wala siyang maramdamang kaligayahan sa mga sandaling iyon. Wala siyang kasiguruhan sa damdamin niya para kay Will. Malabo.

Nahihiya si Beth sa sarili dahil sinagot niya ito kahit hindi niya ito talagang mahal. Nakulitan lang siya rito kaya naging sila na nga. Ganoon lang ang kuwento nila.

Ikalawang beses na nga itong nagyayang magpakasal.

Noong una ay araw ng Pasko, ikadalawang buwan nilang anibersaryo. At ngayon ay inulit na naman nito ang pag-propose, sabay sa wedding day ni Alice na best friend niya mula pa noong high school days nila sa

probinsya.

“Will, huwag muna ngayon. Marami pa tayong panahon. Hindi pa tayo handa sa ganyang bagay.”

“Damn it!” Mainit na ang ulo ni Will, epekto na rin siguro ng nainom nitong red wine.

“Kung hindi ngayon, kailan? Next week? Next month? Next year? Shit!” pagmumura nito, sabay suntok sa pinto ng ladies’ room. “Lagi na lang ba tayong ganito? Lagi na lang kitang pinipilit sa lahat ng bagay ultimo sa pamamasyal at pagdi-date natin? Lagi kang walang gana! Puro na lang ‘not now, I’m not ready, give me time!’ Ano ba, Beth. Damn all your excuses!”

Lubusan na nitong inilabas ang mga hinanakit na kinimkim sa loob ng anim na buwan nilang relasyon.

Hindi kasi nito maintindihan kung bakit ayaw pa ni Beth na magpakasal sila.

Mayroon naman itong matatag na hanapbuhay, tumatayo itong chief accountant sa isang sikat na kompanya sa Makati. Guwapo rin naman ito. Mula pa noong high school ay marami nang babaeng hahabul-habol dito at naging commercial model pa ito ng isang brand ng toothpaste noong nagkokolehiyo pa sa *U.P. Diliman*.

Kaya ano pa nga ba ang hinahanap dito ni Beth? Halos lahat ng magagandang katangian ng isang lalaki ay narito nang lahat.

At kung kabaitan ang pag-uusapan, mabait ito at responsable, mapagmahal sa pamilya pero may katigasan din ang ulo. Sinusuway rin ang mga iyon kapag mayroon itong bagay na gustong gawin.

Kahit itakwil pa nga ito ng pamilya ay wala itong

pakialam. Basta gagawin nito ang gusto kahit ano pa ang mangyayari, harangan na nila ito ng sibat!

Ganoon nga si William Pablo Briones—matigas ang ulo, makulit, matalino, maabilidad at focused sa gusto nitong gawin.

At ano ang isasagot dito ni Beth? Totoo ang sinabi nito, pulos na nga lang excuses ang ibinibigay niya rito. Isang bagay lang naman ang hindi niya kayang tanggihan kay Will—pagkain.

Hindi naman niya magawang makipag-break dito dahil siguradong mahihirapan na siyang makahanap ng boyfriend na katulad nitong guwapo na ay mabait pa, mayaman at lubos sa lahat ay mahal na mahal siya.

“Ano’ng gusto mong gawin ko? Magpakasal sa ‘yo kahit hindi ako sigurado sa sarili ko? Will, ayokong pagsisihan ang mga magiging desisyon ko sa buhay ko!”

Napakunot-noo ito at nilapitan siya. Sa sobrang paglapit nito ay halos magkapalit na nga sila ng mukha.

“Ano’ng sinabi mo? Ibig mo bang sabihin, pagsisisihan mo kung magpapakasal ka sa akin? Beth, bakit ganyan ka? ‘Yung ibang babae ay naglululundag at nagkakandaiyak sa tuwa kapag inaalok magpakasal. Pero ikaw para kang... ewan! Hindi ka naman kagandahan!” May tonong pang-aasar sa salita nito.

Aminado naman siyang hindi siya kagandahan. Pero kapag tinitigan nang matagal ay gumaganda naman.

Mga limang araw siguro ay bigla na lang iisipin, *Oo nga naman, maganda pala siya!*

Five-three ang height niya at sexy. Puwedeng pang-*Hot Babe* ang 34C-24-36 na hubog ng katawan. Doon naman siya bumawi. Maputi at makinis ang kutis at may nunal siya sa itaas ng kanyang kaliwang labi.

Half-Filipino at half-Japanese siya, bunga ng relasyon ng tatay niyang Japanese businessman at nanay niyang dating singer at dancer sa Japan.

Hindi na bago ang naging kapalaran ng nanay niya. Tulad ng karaniwang nangyayari sa mga babaeng nagtatrabaho sa Japan, nabuntis ito ng Hapon.

Katunayan ay sa Tokyo pa siya isinilang. Isa siyang mataba at super cute na baby.

Ngunit hindi pa siya tumatagal ng dalawang buwan sa mundong ibabaw ay iniwan na sila ng tatay niyang Hapon. Kaya umuwi ang nanay niya sa Pilipinas, bitbit ang nag-iisang remembrance galing sa tatay niya—si Beth.

Iniwang siya nito sa lola niya saka muling nagbalik sa Japan para magtrabaho.

Lumaki nga siyang walang kinilalang ama. Ni sa litrato ay hindi niya nasilayan ang mukha nito. Ganoon pa man ay hindi siya nasabik na makita ito o hanapin man lang. Wala siyang pakialam kung buhay pa ito o patay na.

Ayon naman sa nanay niya na nakatira na sa Japan at sa wakas ay may sumeryoso na ring Hapon, mayroon na rin daw itong sariling pamilya sa Tokyo.

Nangingkit ang mga singkit niyang mata. Bigla ring nagdilim ang paningin ni Beth nang marinig ang salita ng binata.

*Hindi naman pala kagandahan, ha!*

“Walang patutunguhan ang usapang ito!” Tinabig

niya ang lalaki upang mabuksan ang pinto subalit hindi ito umalis sa tapat niyon. “Ano ba! Padaanin mo ako!” Pilit niyang itinulak ito pero di niya kaya. Para siyang nakipagtulakan sa bato.

“Hindi tayo lalabas dito hangga’t hindi nagbabago ang isip mo at hangga’t hindi ka pumapayag na magpakasal tayo,” seryosong banta nito.

“Hindi ako nakikipagbiruan, padaanin mo ako. Gusto ko nang lumabas!” Itinulak niyang muli si Will palayo sa pinto. Ngunit hindi nakaya ng powers niya na paatrasin ang binata, para siyang nakipagbuno sa kalabaw.

Para silang mga batang nagtulakan sa likod ng pinto ng ladies’ room. Napikon na rin ito sa patuloy niyang pagtulak.

“At sino’ng nagsabi sa iyo na nakikipagbiruan ako? Seryoso ako, Elizabeth. Dito lang tayong dalawa, walang lalabas!”

Biglang lumapat ang napalakas na sampal niya sa pisngi nito.

Tila umalingawngaw sa maliit na silid ang paglatay ng palad niya sa pisngi ng nobyo. Kaagad namula iyon. Pati siya ay nabigla sa nagawa.

Nanlaki ang mga mata nito at napatunganga sa kanya. Natigilan din siya, ano ba iyong kung anong espirito na parang biglang sumanib sa kanya?

“Masakit yon, ha!”

Hindi naman niya sinadya ang pagsampal dito. Bigla lang gumalaw ang kamay niya. Malay ba niya kung bakit tila nagkaroon ng sariling huwisyong ang kamay na iyon.

Pero natakot si Beth sa nakitang ekspresyon sa

mukha ni Will. Dahan-dahan siyang paatras na lumayo rito na may palingon-lingon pa sa kanyang likuran dahil baka matumba.

“Will, please, nakainom ka lang. Tulog lang ang katapat niyan. Lumabas na tayo rito. Will, nagagalit na ako!”

Sa totoo lang ay kinakabahan na siya at natatakot sa ikinikilos nito. Sa nakaraang anim na buwan ay ngayon lang ito nangyari.

Sumilay ang tila nanlolokong ngiti sa mga labi ng lalaki. Dahan-dahan nitong kinalas ang mga butones sa polo saka hinubad iyon at itinapon sa sahig.

Tumambad ang maputi at magandang muscles sa tiyan nito.

Nanlaki ang mga mata niya at halos nga lumuwa ang mga iyon sa nakitang ginagawa nito.

“Utang-na-loob, maghunun-dili ka, Will. Walang ganyanan. Maraming tao rito... ang ibig kong sabihin... mali ang ginagawa mo! Hindi mo puwedeng gawin sa akin ‘to! Sisigaw ako ng rape!”

“Di sumigaw ka, wala namang makakarinig sa ‘yo rito. Ang saya, di ba? Biro mo, dito pa tayo sa ladies room mag—” Hindi na nito natapos ang sasabihin dahil bigla na namang lumatay ang malakas na hampas niya sa pagmumukha nito. “Aray ko! Sumosobra ka na, Beth! Nakakadalawa ka na, ha. Lalo mo talaga akong ginagalit!” Halos ma-dislocate ang panga nito sa lakas ng hampas na iyon.

Gamitin ba naman niyang panghambalos ang bag niyang ubod ng tigas.

“Sige, subukan mong lumapit! Hindi lang ‘yan ang matitikman mo! Back off, William!” banta pa niya rito

kahit sa loob ay lubusan na ang takot niya.

“I’m sorry, Beth, hindi ko na kaya. Kailangang pakasalan mo ako.”

Wala na siyang maatrasan. Umabot na siya sa dulong dingding. Kinulong siya ng malalakas na braso nito. Paano pa siyang tatakas? Nasilo siya nito. Di na nga siya makakilos. Halos di na rin makahinga.

Halos maduling siya katititig sa mga mata ng nobyo. Sobra ang pagkakalapit ng mukha nito sa mukha niya. At parang naidikit na ng super glue ang mga katawan nila.

Amoy na amoy nila ang hininga ng bawat isa. Buong katawan niya ay nanginginig sa tindi ng takot. Nakiusap ang mga mata niya sa lalaki.



Nabasa ni Will ang pagmamakaawa na iyon sa mga mata ni Beth pero pinatigas niya ang dibdib. Kahit gusto niya itong aluin ay itinutok na lang niya ang mga mata sa labi nito at nakalimutan na niya ang lahat.

Marahas ang naging paghalik niya rito. Halos sipsipin na nga niya nang buo ang mga labi nito.

Wala na nga siyang pakialam, nais lang niya na magkaroon ng dahilan para pakasalan siya ng nobya. Na mabuntis ito.

Sabik na siyang maangkin ito.

Mahal niya si Beth.

Dahan-dahang naging maingat ang mga halik niya. Naging banayad at may pag-iingat na.

Naramdaman niyang tumigil na rin ito sa pagpupumiglas at mayamaya ay nawala na rin ang panginginginig ng katawan nito. Ramdam din niya ang unti-unting pagganti nito sa maiinit na halik niya.



At nang kusang kumilos ang mga kamay ng dalaga sa balikat at likod niya ay napangiti siya.

*Ganyan nga, Beth. Natatakot ka lang pero alam kong gusto mo rin ito. Huwag kang mag-alala, hinding-hindi kita iiwan, pang-aalo niya rito sa isip habang hinahalikan ito sa leeg.*

Dahan-dahan niyang ibinaba ang zipper ng gown nito.

Tila siya nalulunod sa pagnanasa. Parang nga siyang masisiraan ng ulo sa pananabik dito. Ang anim na buwang pigil na pigil na paglulunghati niya rito ay sumabog na parang bulkan sa katawan niya. At last, mawawakasan na rin ang paghihintay niya.

Ngayon din, dito sa ladies' room.

Wala na ni bahid ng pagtangga sa mga kilos ng dalaga. Walang kahit na anong alinlangan. Pinagmasdan niya ang mukha ni Beth. Wala na rin siyang makitang takot sa mga mata nito.

Iwinagayway rin sa wakas ang puting bandila. Surrender. Bumigay na sa wakas ang anak ng Hapon.

“I knew you would surrender yourself to me,” masayang bulong niya.

Ngumiti ito sa kanya, at marahang hinalikan siya sa labi.

Gumapang ang kanang kamay ni Will sa likod nito, kinapa ang strap ng bra roon upang maibaba iyon. Nakahawak naman ang kaliwang kamay nito sa balakang niya.

“Anong surrender ang pinagsasasabi mo? Ulol!” Napadilat siya sa biglang pag-a-ala-Ninja ng boses ni Beth, sabay buwelo at salpok sa noo niya ng kung ano.


Umikot ang paningin ni Will. Nakakita siya ng mga

bituin. Unti-unting nagdilim ang buong paligid.

“Beth...” Nakapagpawala pa siya ng ilang mura bago tuluyang nawalan ng ulirat.

Nagmamadaling itinaas ni Beth ang halos nahubad nang gown. Pinagpag nito ang mga kamay na may lupa pa galing sa pasong binasag nito sa ulo ni Will. May kalakihan ang paso, ang kawawang fortune plant na dating nakatanim doon ay kagyat nawalan ng bahay.





Lang sandali nang nakatutok ang mga mata ni Josef sa babaeng nag-iisang nakaupo sa bar, pero hindi pa rin niya magawang alisin ang paningin dito.

He only had a glimpse of her face once, but that was enough. Enough para maramdaman niya ang pinakamatinding attraction na tumama sa kanya in all of his thirty years.

Randam pa rin niya hanggang ngayon ang masasal na tibok ng puso. Nagsimula iyon nang saglit na magtama ang mga mata nila nang pumasok ito sa *El Casa Rojo*, isang sikat na nightspot na pagmamay-ari niya na matatagpuan sa Eastwood City. Nagpapawis pa rin ang mga palad niyang kanina ay bahagya pa ngang nanginginig. He could still feel that current na dumaloy sa buong katawan niya sa unang pagkakita pa lang sa babae.

“Pare, baka naman matunaw na ‘yung tinitingnan mo.”

Bahagya lang nag-register sa utak ng binata ang sinabi ng kaibigang si Marvin. Kung hindi pa siya

nito pabirong sinuntok sa braso ay hindi pa rin sana mapupuknat ang mga mata niya sa estrangherang kanina pa niya tinitingnan.

“I can’t help it. I think she has bewitched me.” Sumulyap lang siya sa kasama, pagkatapos ay ibinalik na ulit ang tingin sa babae sa bar.

“Why don’t you just go ahead and introduce yourself?” napailing na suggest nito. “Kaysa naman ganyang mukha kang addict na nakatunganga d’yan.” Uminom ito ng scotch on the rocks mula sa kopita nito.

“I don’t want to intrude,” tutol ng binata. “From the looks of it, mukhang gusto niyang mag-isa.”

“Suit yourself. Pero, Pare, sinasayang mo ang pagkakataon. Ang tagal na nating magkaibigan, ngayon lang kita nakitang nagkaganyan sa isang babae. Who knows, siya na pala ang babaeng hinahanap mo all your life.”

They had been friends since elementary, noong mga panahong nagtitinda pa lang si Josef ng bananacue at nilagang kamote sa labas ng school nila pagkatapos ng klase.

Magkasama pa rin sila sa high school at college na nagawa niyang tapusin through various scholarship grants, dahil na rin sa likas na katalinuhan at pagtitiyaga niya.

At kasama pa rin niya si Marvin bilang right-hand man ng *Castillo and Associates* na itinatag niya five years ago.

His friend had been a witness to how Josef made his way and carved his mark right to the top, hanggang sa maging isa siya sa pinakabatang multimillionaires sa bansa.

Hindi lang sila basta magkaibigan kundi matalik na magkaibigan. Blood brothers, wika nga sa Ingles.

Kabisado na nila ang likaw ng bituka ng isa't isa. Hindi man isatinig ni Marvin ay one-hundred-percent sure ito na for the first time in his friend's life, tinamaan ng pana ni Cupido si Josef.

"Go on, don't waste this golden opportunity, Bro," untag nito.

"I doubt kung papansinin niya ako. Kanina pa naka-focus ang attention niya sa baso lang ng alak," puna niya.

"Yes. And several other guys noticed that too," turo pa ng kaibigan. "Tingnan mo."

Kunot-noong bumaling si Josef sa paligid, lalo pang kumunot ang noo niya nang matuklasang tama ang kaibigan. The sexy stranger was currently being studied by most of the men in the bar, may kasama mang katulad niya o nag-iisa.

Wala sa loob na humigpit ang pagkakahawak niya sa baso ng alak nang may isang lalaking tumayo mula sa isang bar stool. Sa tantya niya ay lalapit ito sa kinauupuan ng babaeng pinagmamasdan niya.

Before he knew it, tangan ang baso ay iniwan na pala niya ang kaibigan upang pumunta rin sa bar. Unahan niya ang lalaking katulad niya ay nagplano ring okupahin ang katabing stool ng babae.

Hindi na niya napansin na naiiling na natatawa si Marvin sa ginawi niya.

*Hindi rin nakatiis ang loko, naisip nito.*

Gayunpaman ay hindi pa rin magawang magbukas ng conversation ni Josef nang makaupo na siya sa tabi ng magandang etranghera. Tila hindi siya napapansin

nito. Ni hindi nga yata nito alam na may katabi na pala ito at palihim na pinagmamasdan ng lalaki ang seryoso nitong mukha.



Wala talagang kamalay-malay si Cleo sa nangyayari sa paligid niya.

Her whole attention was focused on the glass of dry martini na in-order niya. Matagal na sandali mula nang ini-serve iyon ng bartender sa kanya, pero ni tikim sa inumin ay hindi pa niya nagagawa.

First time pa lang kasi niyang iinom ng alak, if ever.

First time din niyang pumunta sa isang nightclub na gaya nito.

First time niyang nakaramdam ng ganito katinding sakit ng kalooban.

*Too many firsts*, sabi ng isip niya.

With that thought in mind, nagkalakas na siya ng loob na tikman ang alak sa baso. Bahagya siyang napangiwi nang mag-register sa dila niya ang mapait na lasa niyon at saglit pa siyang napapikit. Pero buong tapang na binale-wala niya ang masamang lasa at pinilit na muling lumagok nang kaunti.

May mas papait pa ba sa nararamdaman niya sa ngayon?

Napakagat-labi ang dalaga nang muling manariwa sa alaala ang dahilan kung bakit siya umiinom.

Kung natuloy lang ang lahat katulad ng pagkakaplano, sana ay champagne ang iniinom niya sa mga sandaling ito. She should have been celebrating her engagement with Mark as of this time.

Mapait siyang napangiti nang maalala kung

paano sila nagkakilala ng lalaki. It was on her friend's wedding, at gaya niya ay isa rin si Mark sa miyembro ng wedding entourage. He was her partner, as a matter of fact. Iyon daw ay dahil sa magandang pagsamahin ang dalawang taong ang pangalan ay Mark Anthony at Cleopatra.

Hindi niya ikakailang sa unang pagkikita pa lang ay nabighani na siya ng dark good looks ng binata. Ang paghangang iyon ay nauwi sa mas malalim pang emosyon nang for the first time in all of her twenty-five years ay may isang guwapo at simpatikong lalaking nagpakita ng interes sa kanya.

Maybe that was also the reason why she kept on seeing Mark even after the wedding, hanggang sa maging boyfriend niya ito three months ago.

Ngayon nga dapat gaganapin ang engagement party nila, na sa kasamaang-palad ay hindi natuloy.

Nakipagkalas sa kanya ang boyfriend kanina after lunch. At through text message pa! Ayon dito ay nakipagtanan ito sa milyonaryang amo.

Sa una ay hindi siya makapaniwala. Tinawagan niya si Mark right away para personal na makausap, para marinig sa mismong mga labi nito ang katotohanan, and that was when she knew na hindi nga nagbibiro ang binata.

*"I'm sorry, Patty,"* He never called her 'Cleo' sa buong panahong magkakilala sila, katuwiran nito ay napaka-cliché raw pagsamahin ang mga pangalan nila.

*"We're flying to Las Vegas tonight to get married. Maureen and I decided to get married as soon as possible, bago pa makatunog ang papa niya't hadlangan ang relasyon namin."*

*“I thought ako ang mahal mo,”* sariwa pa sa alaala niya ang panginginig ng boses, ang halos pagmamakaawa sa telepono bawiin lang ng lalaki ang sinabi nito.

*“Yes, I really love you, Patty, pero si Maureen ang sagot sa mga problema ko. Marriage with her will make me a rich man.”*

Gumuho na ang natitira niyang pag-asa sa tinuran nito. Ano nga ba ang panama ng isang freelance web designer na gaya niya sa amo nitong tagapagmana ng isang fastfood chain empire?

Pero hindi pa roon natapos ang pananakit sa kanya ng lalaking una niyang minahal, dahil para siyang tinarakan ng kutsilyo sa dibdib sa sunod na sinabi nito.

*“She’s perfect for me, hindi lang dahil sa pera niya. You see, kaya niyang tugunan ang pangangailangan ko, however and whenever I want. She’s a sex goddess, not a prude like you.”*

Iyon ang mas nakasakit ng puso ni Cleo. Tahasang ipinamukha sa kanya ni Mark ang bagay na sa simula’t simula pa’y pinagtatalunan nila.

Was it her fault that she had a very strict upbringing? Na ever since she was a kid ay iniukit na ng kanyang ina sa utak niya na masamang sumiping sa lalaking hindi asawa?

Kasalanan bang matatawag kung panghawakan niya ang paniniwalang sex outside marriage might lead to unwanted complications, gaya ng nangyari sa nanay niya?

Bata pa lang kasi si Cleo ay ipinamulat na nito ang katotohanan—na siya ay bunga ng isang gabing



pagkalimot nito sa sarili, nang pumayag itong sumiping sa boyfriend nito, only to learn later on na may-asawa na pala ang walanghiyang lalaki.

May asawa at dalawang anak sa States, at nagbabakasyon lang sa probinsya nila sa Bulacan.

She never knew her father dahil naglaho itong parang bula nang malamang buntis ang nanay niya kaya naman lumaki siyang ang ina lang ang tanging kapiling. Namatay ito dahil sa breast cancer noong eighteen years old siya.

Nanariwa ang pait ng kahapon sa kanyang isip nang maalala ang nakaraan. Lalo pa iyong pinapait ng masamang experience niya on her first relationship with the opposite sex.

Mahiyain kasi si Cleo kaya hindi pansin ng mga boys kahit noong teenager siya. Idagdag pa ang istrikto niyang mama na laging nakabakod, naging tampulan siya ng tukso, nakilala sa bansag na ‘Manang Patring’ sa school at pinangilagan ng kalalakihan.

Lalo tuloy siyang naging introvert dahil doon. Piling-pili lang ang mga kaibigan, isinubsob ang sarili sa pag-aaral at sinikap bale-walain ang mga naririnig sa paligid.

Kahit ang pinili niyang career after graduating from college ay pang-loner—wala siyang amo, walang co-employees na pakikisamahan.

Kasalanan ba niya kung naakit kaagad siya sa charms ni Mark? Only to be dumped like a hot potato in favor of another woman, willing and experienced?

Oo.

Mapait ang katotohanan, pero tanggap iyon ni Cleo.

*Ikaw ang nagdulot ng sakit sa sarili mo, Cleopatra, sumbat niya sa sarili. Kung hindi ka masyadong old-fashioned, hindi ka masasaktan nang ganyan. Kung hindi ka madaling maniniwala, hindi mo agad seseryosohin ang mga pambobola ng iba. Kung hindi mo inilayo ang sarili mo sa ibang tao, sana'y hindi ka agad naniwala the first time na may lalaking nagpakita ng interes sa 'yo.*

Mariing nakapikit ang mga mata na tinungga ni Cleo ang alak. Matapos punasan ng kamay ang mga labi niya ay nag-angat siya ng tingin upang hagilapin ang bartender at um-order ng isa pang shot, pero busy ito sa kabilang dulo ng bar.

*But there's still hope for you, girl. That is, kung babaguhin mo na ang pananaw mo sa buhay. Kung makikisakay ka sa agos at matutong makihalubilo with fellow human beings like you.*

She absent-mindedly played her forefinger on the glass rim, habang sa tulong ng alak na pumasok sa sistema ay pilit niyang pinatatatag ang resolba.

*From now on, pangako niya sa sarili, the world will know the new Cleopatra Dizon. The daring, fun-loving and materialistic Cleopatra Dizon.*

*I will be a modern woman.*

Bahagya pa niyang itinango ang ulo bilang pagsang-ayon sa iniisip.

*I will have sex with whomever I want. I will find one of the rich men out there and marry him for his money. I will be—*

“Good. That’s a very good idea, Miss.”